

INFORMATION SHEET ON WAIVER OF SUPERIOR COURT FEES AND COSTS (PAHINA NG IMPORMASYON SA PAUBAYA NG MGA BAYARIN AT GASTUSIN SA NAKATATAAS NA HUKUMAN)

Kung ikaw ay inireklamo o mais mong magreklamo, o kung ikaw ay naghain o nakatanggap ng isang petisyon tungkol sa batas pangpamilya, at kung hindi mo kayang magbayad ng mga bayarin at gastusin sa hukuman, maaaring hindi mo na bayaran ang mga ito upang makadulog sa hukuman. Kung ikaw ay nakatatanggap ng mga pampublikong benepisyo, isang tao na nasa mababang-kita, o hindi sapat ang kita upang makabayad para sa iyong mga pangunahing pangangailangan sa tahanan *at* sa iyong mga bayarin sa hukuman, maaari mong hilingin sa hukuman na ipaubaya ang lahat o bahagi ng iyong mga bayarin dito.

- Upang makahiling sa hukuman na ipaubaya ang iyong mga bayarin sa nakatataas na hukuman, kumpletuhin ang *Request to Waive Court Fees* (form FW-001). Kung ikaw ay matanggap, ipaubaya ng hukuman ang lahat o bahagi ng kanyang mga singil para sa mga sumusunod:
 - Pag-sumite ng mga papeles sa nakatataas na hukuman (maliban para sa isang apela sa isang kaso na may halaga nang lampas \$25,000)
 - Paggawa at pagpapatotoo ng mga kopya
 - Singil ng Sheriff sa pagbigay ng pahayag
 - Mga singil ng hukuman para sa teleponong pagdinig
 - Pagbibigay ng mga pahayag at sertipiko
 - Pagpapadala ng mga papeles sa ibang departamento ng hukuman
 - Pagkakaroon ng isang itinakdang taga-pagsalin ng hukuman sa small claims court (hukuman para sa mga maliliit na kaso)
 - Pang araw-araw ng bayarin sa nag-uulat (*hanggang sa 60 araw matapos ang pagbigay ng paubaya sa singil, sa naaprubahang pang araw-araw ng antas ng hukuman*)
 - Paghahanda, pagpapatotoo, pagkopya, at pagpapadala ng transcript ng clerk sa apela.
- Maaari mong hilingin sa hukuman na ipaubaya ang ibang mga bayarin habang ang iyong kaso ay nakabinbin din sa nakatataas na hukuman. Upang magawa ito, kumpletuhin ang isang *Request to Waive Additional Court Fees (Superior Court)* (form FW-002). Isasaalang-alang ng hukuman na ipaubaya ang mga bayarin para sa mga aytem katulad ng mga sumusunod, o ibang mga serbisyo ng hukuman na iyong kailangan para sa iyong kaso:
 - Mga bayarin at gastusin sa mga hurado
 - Mga bayarin para sa mga ekspertong itinakda ng hukuman
 - Mga pang araw-araw na bayarin sa taga-ulat (*lampas sa 60-araw sa panahon na matapos ang pagbigay ng paubaya sa bayarin, sa pang araw-araw na antas na aprubado ng hukuman*)
 - Bayarin para sa opisyal na tagapamayapa upang tumestigo sa hukuman
 - Mga bayarin sa itinakdang tagapagsalin ng hukuman para sa isang saksi
 - Ibang kinakailangan na mga bayarin sa hukuman
- Kung nais mo na repasuhin ng Appellate Division ng Superior Court o ng Court of Appeal ang isang kautusan o desisyon laban sa iyo at nais mong ipaubaya ang mga bayarin ng hukuman, humiling at sumunod sa mga panuto sa *Information Sheet on Waiver of Appellate Court Fees, Supreme Court, Court of Appeal, Appellate Division* (form APP-015/FW-015-INFO).

MAHALAGANG IMPORMASYON!

- Nilalagdaan mo ang iyong kahilingan na isinasaalang-alang ang kaparusahan ng pagsisinungaling. Mangyaring sumagot ng totoo, tumpak, at kumpleto.**
- Maaaring humiling sa iyo ang hukuman ng impormasyon at ebidensya.** Maaari kang ipatawag sa hukuman upang sumagot ng mga katanungan tungkol sa iyong kakayanang magbayad ng mga bayarin at gastusin sa hukuman at maglaan ng mga patunay na kwalipikado. Anumang pangunang paubaya sa bayarin na ibinigay ay maaaring tapusin kung ikaw ay hindi pupunta sa hukuman kung ipatawag. Maaaring hilingin sa iyo na bayaran ang mga halaga na ipinaubaya kung makikita ng hukuman na hindi ka kwalipikado para sa paubaya sa bayarin.
- Kung ikaw ay nakatanggap ng paubaya sa bayarin, kailangan mong sabihin sa hukuman kung mayroong pagbabago sa iyong mga pinansyal.** Kailangan mong sabihin sa hukuman sa loob ng limang araw kung bumuti ang iyong mga pinansyal o kung maaari mo nang mabayaran ang mga bayarin at gastusin sa hukuman sa panahon ng iyong kaso. (Mag-sumite ng *Notice to Court of Improved Financial Situation or Settlement* (form FW-010) sa hukuman.) Maaari kang utusan na muling bayaran ang anumang halaga na ipinaubaya matapos magwakas ang iyong kwalipikasyon.
- Kung ikaw ay makatanggap ng desisyon o kautusan na pagsuporta sa mga usapin sa batas pangpamilya:** Maaari kang utusan na bayaran lahat o bahagi ng mga ipinaubayang mga bayarin at gastusin kung makikita ng hukuman na ang iyong mga pagkakataon ay nagbago na at maaari ka nang magbayad. Ikaw ay magkakaroon ng pagkakataong humiling sa hukuman ng isang pagdinig kung magpapasya ang hukuman.
- Kung ikaw ay mananal sa iyong kaso sa hukuman ng paglilitis:** Sa kadalasan ang kabilang panig ang inuutusan magbayad ng iyong mga ipinaubayang mga bayarin at gastusin sa hukuman. Hindi magbibigay ang hukuman ng satisfaction of judgment hanggang ang mga ito ay nabayaran. (Ito ay hindi ipinapatupad sa mga kaso na unlawful detainer. Mga espesyal na alituntunin ang ipinapatupad sa mga kaso ng batas sa pangpamilya. (Government Code, section 68637(d), (e).))
- Kung ikaw ay nakipagkasundo ng iyong kasong sibil para sa \$10,000 o lampas:** Anumang ipinaubayang bayarin at gastusin ng hukuman sa paglilitis ay kailangan mong mabayaran sa hukuman mula sa pag-aayos. **Magkakaroon ang hukuman ng lien sa pag-aayos sa halagang ipinaubayang mga bayarin at gastusin.** Maaaring tumanggi ang hukuman na isantabi ang kaso hanggang mabayaran ang lien. Kailangang mayroong kalakip ang kahilingan na isantabi ang kaso (gamitin ang form CIV-110) ng isang deklarasyon na isinasaalang-alang ang kaparusahan ng pagsisinungaling na ang mga ipinaubayang mga bayarin at gastusin ay siya nang nabayaran. Espesyal na alituntunin ang ipinapatupad sa mga kaso ng batas sa pangpamilya.
- Maaaring komulekta ang hukuman ng mga bayarin at gastusin na para sa kanya.** Kung ang mga ipinaubayang mga bayarin at gastusin ay iniutos na bayaran sa hukuman ng paglilitis (trial court), maaaring magsimula ang hukuman ng mga proseso sa pagsingil at magdagdag ng \$25 na bayarin kasama ang anumang karagdagan gastusin sa pagsingil sa ibang mga bayarin at gastusin na kautangan sa hukuman.
- Pagtapos na ang pagpaubaya sa bayarin.** Nagtatapos ang paubaya sa bayarin sa 60 araw matapos ang desisyon, pag-isantabi, o ibang huling pagtatapos ng kaso o mas maaga pa kung makikita ng hukuman na hindi na karapat-dapat para sa isang paubaya sa bayarin.
- Kung ikaw ay nasa isang kulungan o kulungan ng estado:** Ang mga preso ay maaaring hilingin na magbayad ng buong halaga ng gastusin ng bayarin sa pag-file sa hukuman ng paglilitis ngunit maaaring bayaran nang kalaunan.